**Umiiral at pinaplanong mga hakbang**
**sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

## Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan

Ang Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan (REO), bilang ehekutibong sangay ng Komisyon sa mga Gawaing Panseleksyon (EAC), ay may pananagutan sa pagbibigay ng administratibong suporta sa EAC sa mahusay na pagtupad sa mga tungkulin nito sa ilalim ng Ordinansa ng EAC (Kabanata 541). Kabilang dito ang pagsusuri at pagtatakda ng mga hangganan ng nasasakupan, pagpaparehistro ng mga botante, kompilasyon ng mga alituntunin at ulat tungkol sa halalan, pagsasagawa at pangangasiwa ng mga halalan at pag-aasikaso ng mga hinaing.

Ang Pamahalaan ay nagbibigay ng malaking pagpapahalaga sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi bilang isang mahalagang dimensyon sa pagbabalangkas, pagpapatupad at pagsusuri ng mga kaugnay na patakaran at hakbang. Sa layuning ito, ang REO ay naglatag ng mga hakbang upang mapadali ang pag-akses sa impormasyong may kaugnayan sa pagpaparehistro ng botante at mga usaping may kaugnayan sa halalan ng mga taong mula sa iba't-ibang lahi.

### A. Pagpaparehistro ng Botante

| | |
|---|---|
| Kaugnay na Serbisyo | ● Pagpaparehistro ng Botante. |
| Umiiral na Hakbang | ● Ang pangunahing impormasyon sa pagpaparehistro ng botante ay inilathala sa walong wika maliban sa Tsino, Ingles, Hapones at Koreano[1] (sa anyo ng isang paunawa sa impormasyon at set ng mga Tanong at Sagot) sa nakalaang website para sa pagpaparehistro ng botante upang tulungan ang mga tao mula sa iba't ibang lahi na maunawaan ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado at ang mga itinakdang pamamaraan at mga huling petsa para sa rehistrasyon ng botante.<br><br>● Ang mga mensahe sa Pagpaparehistro ng Botante ay inilathala sa walong wika[1] sa mga newsletter ng Sentro para sa Pagkakaisa at Pagpapaunlad ng mga Residente |

[1] Kabilang sa walong wika ang Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Biyetnames.

mula sa mga Etnikong Minorya (CHEER) at sa apat na wika [2] sa mga lokal na pahayagan sa panahon ng Kampanya sa Pagpaparehistro ng Botante sa mga taon ng halalan.

- Sa walong sentro ng serbisyong suporta para sa mga etnikong minorya[3], ang mga poster sa pagpaparehistro ng botante ay ipinapakita, ang mga form ng aplikasyon ng botante ay ginawang abot kamay para sa koleksyon ng mga taong mula sa iba't ibang lahi, at ang mga roving counter ay naka-set up upang tulungan ang mga taong mula sa iba't-ibang lahi sa pag-aaplay para sa rehistrasyon ng botante sa panahon ng kampanya sa pagpaparehistro ng botante sa mga taon ng halalan.

- Ang mga pangunahing mensahe sa pagpaparehistro ng botante ay isinasahimpapawid sa pamamagitan ng radyo sa Tsino, Ingles at iba pang limang wika[4] para umapela sa mga taong mula sa iba't-ibang para sa magparehistro.

- Ang mga form ng sarbey ay ipinamamahagi sa mga sentro ng serbisyo ng suporta para sa mga etnikong minorya upang mangolekta ng mga pananaw ng mga taong mula sa iba't-ibang lahi upang makatulong na suriin ang aming mga kasalukuyang serbisyo sa pagpaparehistro ng botante para sa mga taong mula sa iba't-ibang lahi at pahusayin ang mga pagsisikap sa publisidad sa panahon ng kampanya sa pagpaparehistro ng botante sa mga taon ng halalan.

- Sa pakikipagtulungan sa CHEER, ang REO ay nagbibigay ng libreng serbisyo sa interpretasyon ng telepono sa walong wika[1], sa pamamagitan ng hotline ng halalan, upang tulungan ang mga taong mula sa iba't-ibang lahi sa paggawa ng mga katanungan na may kaugnayan sa mga usapin sa pagpaparehistro ng botante.

---

[2] Kabilang sa apat na wika ang Bahasa Indonesia, Nepali, Tagalog at Urdu.

[3] Ang walong sentro ng serbisyong suporta para sa mga etnikong minorya ay ang CHEER Center ( Kwun Tong ), HOME Center ( Yau Tsim Mong ), HOME Sub-centre ( Sham Shui Po ), HOPE Center ( Wanchai ), LINK Center ( Kwai Tsing ), ONE Center ( Tuen Mun ), TOUCH Sub-centre ( Tung Chung ) at YLTH Center ( Yuen Long ).

[4] Kasama sa limang wika ang Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Thai at Urdu.

| | |
|---|---|
| Pagtatasa ng Hinaharap na Gawain | • Susuriin ng REO ang mga serbisyo nito para sa mga taong mula sa iba't-ibang lahi paminsan-minsan, palalakasin ang pagsasanay sa mga humaharap na kawani sa pagpapabuti ng kanilang komunikasyon sa mga taong mula sa iba't-ibang lahi at, hanggang sa magagawa, patuloy na pahusayin ang mga pagsisikap sa publisidad na mabigyan sila ng impormasyon sa pagpaparehistro ng botante , kabilang ang pakikipagpulong sa mga di-pampamahalaang organisasyon upang talakayin ang mga epektibong paraan upang hikayatin at tulungan ang mga karapat-dapat na taong mula sa iba't-ibang lahi sa pagpaparehistro bilang mga botante. |
| Mga Karagdagang Panukala na Isinagawa/Isasagawa | • Ang REO ay magpapatuloy sa pagbibigay ng pagsasanay sa mga kawani upang pahusayin ang kanilang pagiging sensitibo at pag-unawa sa pagkakapantay-pantay ng lahi pagdating sa pagbibigay ng mga serbisyo, gayundin ng mga kasanayan at pamamaraan upang epektibong makipagtulungan sa mga tagasalin, atbp.<br><br>• Kokolektahin ng REO ang impormasyon ng user at mga istatistika mula sa CHEER sa pangangailangan para sa serbisyo ng wika na ibinibigay sa mga taong mula sa iba't ibang lahi at susuriin kung kinakailangan ang pagpapabuti. |

## B. Mga Usaping may kinalaman sa Halalan

| | |
|---|---|
| Kaugnay na Serbisyo | • Mga Usaping may kinalaman sa Halalan. |
| Umiiral na Hakbang | • Ang pangunahing impormasyon sa mga bagay na may kaugnayan sa halalan, sa partikular na mga pamamaraan ng pagboto, ay inilathala sa walong wika[1] maliban sa Ingles, Tsino, Hapones at Koreano (sa anyo ng maikling paliwanag sa eleksyon) sa nakalaang website ng halalan upang tulungan ang mga taong mula sa ibat'-ibang lahi sa pag-unawa sa nauugnay na impormasyon sa panahon ng taon ng halalan. |

- Ang maikling impormasyon ng bawat halalan na inilathala sa walong wika[1] ay ipinapakita sa walong sentro ng serbisyong suporta para sa mga etnikong minorya[3].

- Ang mga patalastas tungkol sa nominasyon at apela para sa pagboto sa Ordinaryong Halalan ng Konseho ng Distrito at Pangkalahatang Halalan ng Pambatasang Konseho ay inilalagay sa mga pahayagan at mga newsletter na inilathala ng mga nabanggit na sentro ng serbisyong suporta[3].

- Isang Sanggunian sa Tulong sa Wika na naglalaman ng mahahalagang impormasyon sa mga pamamaraan ng pagboto na nakalimbag sa Hapones, Koreano at iba pang walong wika[1] at isang set ng “Ilustrasyon ng Gabay sa Pamamaraan ng Pagboto” ay magagamit sa bawat istasyon ng botohan upang tulungan ang mga botanteng mula sa iba't-ibang lahi kung kinakailangan sa kanilang pagboto sa araw ng halalan.

- Sa pakikipagtulungan sa CHEER, ang REO ay nagbibigay ng libreng serbisyo sa interpretasyon ng telepono sa walong wika[1], sa pamamagitan ng REO na hotline ng telepono, upang tulungan ang mga botanteng mula sa iba't-ibang lahi sa pag-unawa sa mga pamamaraan ng pagboto at upang magtanong sa mga bagay na may kaugnayan sa halalan.

- Sa taon ng halalan, ang mga mensahe ay isinasahimpapawid sa Tsino, Ingles at iba pang limang wika[4] sa pamamagitan ng radyo upang ipahayag ang impormasyong may kaugnayan sa halalan at para umapela sa mga botanteng mula sa iba't-ibang lahi na bumoto.

- Sa taon ng halalan, ang impormasyong elektoral sa walong wika ay makukuha sa homepage ng Yunit ng Ugnayang Panglahi ng Kagawaran ng Ugnayang Panloob (www.had.gov.hk/rru).

| | |
|---|---|
| | ● Ang apela ay ginawa sa mga kandidato na magbigay ng mga palatastas tungkol sa halalan sa Ingles at/o iba pang mga wika upang mapadali ang pag-unawa ng mga botante na hindi nakauunawa ng Tsino. |
| Pagtatasa ng Hinaharap na Gawain | ● Susuriin ng REO ang mga serbisyo nito para sa mga taong mula sa iba't-ibang lahi paminsan-minsan at, sa abot ng makakaya, patuloy na pahusayin ang mga pagsisikap nito na mabigyan ang mga botanteng mula sa iba't-ibang lahi ng mahalagang impormasyon na may kaugnayan sa halalan. |
| Mga Karagdagang Panukala na Isinagawa/Isasagawa | ● Ang REO ay patuloy na maghahanda ng Sanggunian sa Tulong sa Wika sa lahat ng mga istasyon ng botohan at upang paalalahanan ang mga kawani sa halalan sa pamamagitan ng pagsasanay at Manwal ng Operasyon ng pangangailangang magbigay ng naaangkop na tulong upang mapadali ang pagboto ng mga taong mula sa iba't-ibang lahi. Gayundin, ang REO ay patuloy na magbibigay ng pagsasanay sa mga kinauukulang kawani upang pahusayin ang kanilang pagiging sensitibo at pag-unawa sa mga isyu na may kaugnayan sa lahi sa pangkalahatan. |
| | ● Ang REO ay mangongolekta ng data at istatistika mula sa users na may kinalaman sa kung ang impormasyong nauugnay sa halalan na ibinigay sa nakalaang website ng halalan, na inilathala sa poster at newsletter, na naka-print sa Sanggunian sa Tulong sa Wika at ang "Ilustrasyon ng Gabay sa Halalan” na available mula sa mga polling stations at pagsasahimpapawid sa programa sa radyo gayundin ang ibinibigay na libreng serbisyo ng interpretasyon ay makakatulong sa kanila na mas maunawaan ang mga bagay na may kinalaman sa halalan upang masuri ang paggamit ng serbisyo ng kagawaran ng mga taong mula sa iba't-ibang lahi at kung ang serbisyong ibinibigay sa kanila ay nangangailangan ng pagpapabuti. |

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at pinaplanong mga hakbang sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan sa kani-kanilang mga opisyal sa pamamagitan ng mga sumusunod na tsanel -

Mga usaping may kaugnayan sa pagpaparehistro ng botante:

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan | : | Bb. Clara YAU Pui-yee |
| Titulo | : | Nakakataas na Opisyal ng Halalan (Heograpikal na mga Distrito/ Rehistrasyon ng Botante) |
| Telepono | : | 2127 7100 |
| Fax no. | : | 2649 7928 |
| Email | : | reoenq@reo.gov.hk |
| Adres sa Koreo | : | 30/F, Standard Chartered Tower, Millennium City 1, 388 Kwun Tong Road, Kwun Tong, Kowloon. |

Mga usaping may kinalaman sa Halalan:

| | | |
|---|---|---|
| Pangalan | : | Bb. Sherrie POON Pik-yuk |
| Titulo | : | Nakakataas na Opisyal ng Proyekto |
| Telepono | : | 2191 3918 |
| Fax no. | : | 2191 3003 |
| Email | : | reoenq@reo.gov.hk |
| Adres sa Koreo | : | Units 2605-2611, Tower 1, Millennium City 1, 388 Kwun Tong Road, Kwun Tong |

**Tanggapan ng Pagpaparehistro at Halalan**
**Hunyo 2024**